



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 107 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 27,
2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
--------------------------------	------------

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 42

Taong 2024

**ORDINANSANG NAG-AAMYENDA SA ORDINANSA BLG. 05 TAONG
2000 NA MAY TITULONG “ORDINANSANG NAGTATAKDA NG
KAUKULANG BAYARIN SA PAGGAMIT NG ROXAS MULTI-PURPOSE
GYMNASIUM SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO PARA SA
MGA GAWAING PANGSOSYAL, PANGKULTURA AT
PANGREKREASYON”**

MAY-AKDA: KGG. MARIETTA R. PAJILA

MGA KASAMANG MAY-AKDA:

KGG. ROBERT S. QUIATCHON

KGG. JOHN JOHN S. YASON

KGG. LUCILLE T. BACAY

KGG. JUAN RAFAEL M. TALENS

KGG. KING PHILIP B. DIMAPILIS

KGG. ROBERT A. BATICOS

KGG. VEIL CHARLLEO B. CUSI

KGG. HERMIS S. CATAPANG

KGG. SHEIKINAH GRACE C. SANZ

SAPAGKAT,

ang nakaraang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagpasa ng Pambayang Ordinansa Blg. 05 Taong 2000 na may titulong “Ordinansang Nagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa Paggamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium sa Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro Para sa Mga Gawaing Pangsosyal, Pangkultura at Pangrekreasyon,

SAPAGKAT,

alinsunod sa Pambayang Ordinansa Blg. 37 Taong 2022 na may Titulong “An Ordinance Renaming the Roxas Municipal Gymnasium to Dr. Jesus M. Punzalan Memorial Gymnasium Located at Barangay Bagumbayan, Roxas, Oriental Mindoro,” ang ngalang gagamitin sa pagtukoy ng


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


MARIA MAHARLIKA M. FABIC

himnasyo sa ordinansang tatalakayin ay ang nakasaad sa nabanggit na bagong pasang ordinansa, .

SAPAGKAT, ang mga nakapaloob na kaukulang bayarin sa nabanggit na ordinansa ay hindi na angkop sa kasalukuyang panahon at lubhang napakababa para sa pagmimintina ng Dr. Jesus M. Punzalan (JMP) Memorial Gymnasium,

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay naniniwala base sa pag-aaral na nararapat lamang na itaas na ang mga bayarin sa paggamit Dr. Jesus M. Punzalan (JMP) Memorial Gymnasium upang sa gayon ay matugunan ang pangangailangan sa pagmimintina at operasyon ng nasabing pasilidad.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

SEKSYON I. Ang Ordinansang ito ay kikilalaning Ordinansang Nagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa pampubliko at pribadong gamit ng Dr. Jesus M. Punzalan (JMP) Memorial Gymnasium kasama ang labas na entablado ng nasabing gymnasium sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa mga gawaing pangsosyal, pangkultura at pangrekreasyon.

SEKSYON II. Kahulugan ng mga salitang ginamit sa ordinansa:

- a.) **PANGREKREASYON** – mga gawaing tumutukoy sa mga kapaki-pakinabang na pampalipasang oras tulad ng isports at palakasan gaya ng basketball, volleyball, lawn tennis at mga kauri nito.
- b.) **PANGKULTURA** – mga gawaing tungkol sa mga pagtatanghal ng mga pampubliko at pribadong palabas tulad ng konsyerto, patimpalak sa iba't ibang uri ng talento at iba pang mga kauri nito.
- c.) **PANGSOSYAL** – mga gawaing tungkol sa pagtitipon ng mga pampubliko at pribadong grupo ng mga tao, ahensya o asosasyon para sa isang uri ng pagdiriwang o kasayahan.
- d.) **PUBLIKONG GAMIT** – mga okasyong may kinalaman sa pagdiriwang ng mga mahahalagang araw ng bayan at iba't ibang sangay ng pamahalaan, lokal man o nasyonal may bayad man o walang kaukulang bayarin ang mga manonood.
- e.) **PRIBADONG GAMIT** – mga okasyong may kinalaman sa pagdiriwang ng mga mahahalagang araw ng mga pribadong tao, ahensya o mga samahan, may bayad man o walang kaukulang bayarin ang mga manonood.

SEKSYON III. Pagtatakda ng kaukulang bayarin sa bawa't paggamit:

PUBLIKO AT PRIBADONG GAMIT:

KATEGORYA A (Walang Entrance Fee)


- 1. Mayor's Permit - P500.00
- 2. Electric Bill - base sa aktwal na konsumo na maitatala sa electric submeter
- 3. Maintenance Fee - 500.00 bawat araw
- 4. Housekeeping Fee - P600 bawat araw

KATEGORYA B (May Entrance Fee)

- 1. Mayor's Permit - P2,500.00
- 2. Electric Bill - base sa aktwal na konsumo na maitatala sa electric submeter
- 3. Maintenance Fee - P500.00 bawat araw
- 4. Housekeeping Fee - P600 bawat araw
- 5. Environmental Fee - P600 bawat araw


LEO G. CUST, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


MARIA MAHARLIKA M. FABIC

6. Amusement Tax - Base sa itinatadhana ng Kasalukuyang Revenue Code ng Provincial Government ng Oriental Mindoro

*Alinsunod sa 2014 Revised Revenue Code ng
Roxas, Oriental Mindoro*

SEKSYON IV. Alituntunin sa paggamit ng Dr. Jesus M. Punzalan Memorial Gymnasium kasama ang labas na entablado ng nasabing gymnasium:

- a.) Ibigay ang sulat-aplikasyon sa tanggapan ng Punong Bayan na nakasaad ang oras, araw at dahilan ng paggamit.
- b.) Magbayad ng mga kaukulang bayarin sa Tanggapan ng Ingat-yaman. Ipakita ang resibo ng binayaran sa Tanggapan ng Punong Bayan upang makakuha ng kaukulang permit sa paggamit ng Dr. Jesus M. Punzalan (JMP) Memorial Gymnasium.
- c.) Bibigyan ng prayoridad sa paggamit ng Dr. Jesus M. Punzalan (JMP) Memorial Gymnasium ang unang nagsumite ng aplikasyon. Hindi pinahihintulutan ang reserbasyon kung walang aplikasyon sa Tanggapan ng Punong Bayan.
- d.) Bibigyan ding prayoridad sa paggamit ng himnasyo ang anumang aktibidad ng lokal na pamahalaan na may kaakibat na aplikasyon na isinumite sa Tanggapan ng Punong Bayan.
- e.) Ang mga magrerenta ng himnasyo para sa malakihang pagtitipon ay inoobligang magkaroon ng koordinasyon sa kapulisan o magtalaga ng seguridad para sa kaligtasan ng mga dadalo. Ang mga nabanggit ay inaatasang mahigpit na ipagbawal ang pagdadala ng mga patalim, baril at mga kauri nito sa loob ng Dr. Jesus M. Punzalan Memorial Gymnasium. Ang kasiguruhan ng kaligtasan ng mga manonood ay pangunahing responsibilidad ng mga gumagamit nito.
- f.) Ang tindahan ng mga pagkain o kantina ay nasa ilalim ng pangangalaga ng nagrenta ng Dr. Jesus M. Punzalan Memorial Gymnasium sa oras ng okasyon.
- g.) Ang pagsasaayos ng bulwagan at mga dekorasyon ay gawain ng nag-renta subalit matapos ang okasyon ay ibabalik sa dating ayos ang bulwagan at entablado na walang maiiwang bagay na makakasagabal sa operasyon ng Dr. Jesus M. Punzalan Memorial Gymnasium. Pananatilihin ang kalinisan nito.
- h.) Ang mga upuan, generator at iba pang mga gamit o pasilidad ay responsibilidad na ng gagamit o ng magrerenta. Ang mga kagamitang masisira o mawawala ay may kaakibat na pananagutan sa mga gagamit o magrerenta;
- i.) Ipinagbabawal ang paglalagay ng mga amplifier at iba pang mga kauri nito na nakaharap sa Gusaling Bayan at Bulwagang Pangkatarungan sa panahong may pagdinig ng mga kaso o kung mayroong sesyon ang Sangguniang Bayan.

SEKSYON V. Penalidad


Ang sinumang lumabag sa itinatadhana ng kautusang ito ay magmumulta ng hindi lalampas sa halagang **dalawang libo at limandaang piso (P2,500)** o pagkakakulong ng hindi lalampas sa mahigit na anim na buwan o dalawang kaparusahang ito base sa kautusan ng Korte.

SEKSYON VI. Pagkakabisa – Ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.

Pinagtibay ngayong Agosto 27, 2024 sa mungkahi ni Konsehal Marietta R. Pajila na sinang-ayunang nina Konsehal John John S. Yason at Konsehal Robert A. Baticos.


Pinagtibay: 27 Agosto 2024


LEO G. CUST, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS



MARIA MAHARLIKA M. FABIC

PINATUTUNAYANG WASTO:



MARIA MAHARLIKA M. FABIC
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:




JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



LEO G. CUSI, SR.
Punong Bayan



9/3/24
HADEL FAJUTNADO

MTO
inf
MALVIN #DComm
9-3-2024
11:44AM